# FORM NG PAG-INTAKE / PANDIDISKRIMINA NG ENTIDAD NA PINAPATAKBO, PINOPONDOHAN, O PINANSYAL NA SINUSUPORTAHAN NG ESTADO (GC11135)

*Departamento para sa Mga Karapatang Sibil*

**Magsisimula ng panayam hinggil sa pag-intake kasama ang isang kinatawan ng Departamento para sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ang pagkompleto at pagsumite ng Form ng Pag-intake na ito. Hindi inihaing reklamo ang Form ng Pag-intake. Tutukuyin ng kinatawan ng CRD kung puwedeng tanggapin para sa pag-iimbestiga ang pormal na reklamo. Kinikilala mo sa pagsumite ng dokumentong ito na nabasa mo at sumasang-ayon ka sa Patakaran sa Pagkapribado ng CRD.**

## NAGREREKLAMO (IYONG IMPORMASYON)

Pangalan: ____________________

Telepono: ____________________ Email: ____________________

Address: ____________________

Lungsod: ____________________ Estado: __________ Zip: __________

Kailangan mo ba ng interpreter sa proseso ng reklamo? ◯ Oo ◯ Hindi

Kung oo, tukuyin ang wika: ____________________

Kailangan mo ba ng mga akomodasyong nauugnay sa kapansanan kapag nakikipag-ugnayan sa CRD? ◯ Oo ◯ Hindi

Piliin ang lahat ng naaangkop:

- ☐ Malayuang Interpretasyon ng ASL/sa Video
- ☐ Mga Serbisyo ng CART
- ☐ Iba pa (tukuyin): ____________________
- ☐ Panayam sa Video
- ☐ Mga paunang tanong

## BAHAGI NG ESTADO, ENTIDAD NG ESTADO, AHENSYA NG ESTADO, O TUMATANGGAP NG PAGPOPONDO NG O TULONG PINANSYAL MULA SA ESTADO NA GUSTO MONG IREKLAMO (hal., pangalan ng ahensya ng Estado o tumatanggap ng pagpopondo ng o tulong pinansyal mula sa estado na inirereklamo, pangalan ng programa o aktibidad kung saan naganap ang paglabag:

Pangalan: ____________________ Telepono: ____________________

Titulo: ____________________ Email: ____________________

Address: ____________________

Lungsod: ____________________ Estado: __________ Zip: __________

Bilang ng Mga Empleyado: __________ Uri ng Employer: ____________________

## PARATANG

Huling Petsa ng Pananakit:____________________

**Ipinaparatang kong nakaranas ako ng diskriminasyon o pagtanggi ng ganap o pantay na access**

DAHIL SA AKING AKTUWAL O IPINAGPAPALAGAY NA:

- ☐ Edad (40 taon pataas)
- ☐ Ninuno
- ☐ Pagkakaugnay sa isang taong mula sa protektadong klase
- ☐ Kulay
- ☐ Kapansanan (pisikal, intelektwal/sa pag-unlad, sa kalusugan ng pag-iisip/psychiatric)
- ☐ Henetikong Impormasyon o Katangian
- ☐ Katayuan sa Kasal
- ☐ Medikal na Kondisyon (kanser o henetikong katangian)
- ☐ Bansang Pinagmulan (kasama ang mga limitasyon sa wika)
- ☐ Lahi (kasama ang istilo at texture ng buhok)
- ☐ Panrelihiyong paniniwala (kasama ang mga kasanayan sa pananamit at pag-aayos ng hitsura)
- ☐ Kasarian/Gender
- ☐ Sekswal na panliligalig – mapanganib na kapaligiran
- ☐ Sekswal na panliligalig – quid pro quo
- ☐ Sekswal na Oryentasyon
- ☐ Iba pa (tukuyin):____________________________________________

BILANG RESULTA, itinanggi sa akin ang ganap o pantay na access sa mga benepisyo ng, o napailalim ako sa pandidiskrimina sa ilalim ng, programa o aktibidad na isinagawa, pinatakbo, o pinangasiwaan ng estado o ahensya ng estado, o tumatanggap na pinondohan o tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa estado o ahensya ng estado.

## KINATAWAN NG NAGREREKLAMO

Mayroon ka bang abogado na sumang-ayong kumatawan sa iyo sa usaping ito? ◯ Mayroon ◯ Wala

Kung mayroon, mangyaring ibigay ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng abogado:

Pangalan: ______________________________

Pangalan ng Firm: ______________________________

Telepono: ______________ Email: ______________

Address: ______________________________

Lungsod: ______________ Estado: __________ Zip: __________

## KARAGDAGANG IMPORMASYON (OPSYONAL)

Maikling ipaliwanag ang nangyari:

# DEMOGRAPIKONG IMPORMASYON

*Opsyonal ang impormasyong ito at ginagamit lang ito para sa mga layuning pang-estatistika.*

Pangunahing Wika:________________________________ Petsa ng Kapanganakan:_________________

Gender/Pagkakakilanlan ng Gender:
- ☐ Lalaki
- ☐ Babae
- ☐ Non-Binary
- ☐ Transgender na Lalaki
- ☐ Transgender na Babae
- ☐ Iba pa

Katayuan ng Kasal:
- ☐ Walang Asawa
- ☐ May Asawa
- ☐ Magkasama sa Bahay
- ☐ Diborsiyado/ Diborsiyada

Lahi:
- ☐ Amerikanong Indiyano, Katutubo ng Amerika, o Katutubo ng Alaska
- ☐ Katutubo ng Hawaii o Iba Pang Taga-Isla Pasipiko
- ☐ Itim o Aprikanong Amerikano
- ☐ Asyano
- ☐ Puti
- ☐ Iba pa

Etnisidad:
- ☐ Hispanic o Latino
- ☐ Hindi Hispanic o Latino

Bansang Pinagmulan:

- ☐ Afghani
- ☐ American [U.S.A]
- ☐ Asian Indian
- ☐ Bangladeshi
- ☐ Cambodian
- ☐ Canadian
- ☐ Chinese
- ☐ Cuban
- ☐ Dominican
- ☐ Egyptian
- ☐ English
- ☐ Ethiopian
- ☐ Fijian
- ☐ Filipino
- ☐ German
- ☐ Ghanaian
- ☐ Guamanian
- ☐ Haitian
- ☐ Hawaiian
- ☐ Hmong
- ☐ Indonesian
- ☐ Iranian
- ☐ Iraqi
- ☐ Irish
- ☐ Israeli
- ☐ Italian
- ☐ Jamaican
- ☐ Japanese
- ☐ Korean
- ☐ Laotian
- ☐ Lebanese
- ☐ Malaysian
- ☐ Mexican
- ☐ Nigerian
- ☐ Iba pa
- ☐ Iba Pang African
- ☐ Iba Pang Asian
- ☐ Iba Pang Carribean
- ☐ Iba Pang European
- ☐ Iba Pang Hispanic/Latino
- ☐ Iba Pang Middle Eastern
- ☐ Pakistani
- ☐ Puerto Rican
- ☐ Salvadoran
- ☐ Samoan
- ☐ Sri Lankan
- ☐ Syrian
- ☐ Taiwanese
- ☐ Thai
- ☐ Tongan
- ☐ Trinidadian and Tobagonian
- ☐ Vietnamese

Kapansanan:

- ☐ AIDS o HIV
- ☐ Dugo / Pagdaloy ng Dugo
- ☐ Utak / Mga Nerbiyo / Mga Kalamnan
- ☐ Sa Tiyan / Sa Pag-ihi / Sa Kakayahang Magkaanak
- ☐ Pandinig
- ☐ Puso
- ☐ Intelektuwal o sa Paglaki / Pag-unlad
- ☐ Mga Braso / Binti
- ☐ Kalusugan ng Pag-iisip / Psychiatric
- ☐ Paningin
- ☐ Pananalita / Paghinga
- ☐ Sa Gulugod / Likod / Paghinga
- ☐ Iba Pang Kapansanan

Relihiyon:

- ☐ Agnostic
- ☐ Atheist
- ☐ Bahai
- ☐ Buddhism
- ☐ Catholicism
- ☐ Christianity
- ☐ Confucianism
- ☐ Hinduism
- ☐ Islam
- ☐ Jehovah's Witness
- ☐ Judaism
- ☐ Neo-Paganism
- ☐ Hindi Relihiyoso
- ☐ Protestantism
- ☐ Primal-indigenous
- ☐ Quakers
- ☐ Rastafarianism
- ☐ Spiritism
- ☐ Shinto
- ☐ Sikhism
- ☐ Taoism
- ☐ Unitarian-Universalism
- ☐ Zoroastrianism
- ☐ Iba pa

Sekswal na Oryentasyon:

- ☐ Straight o Heterosexual
- ☐ Gay o Lesbian
- ☐ Bisexual
- ☐ Iba pa

# PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO

**Pinagtibay ng Departamento para sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ng California ang Patakaran sa Pagkapribado na ito, simula Enero 1, 2017. Pinahahalagahan ng CRD ang seguridad at pagkapribado ng iyong personal na impormasyon at nakatuon ito sa pagprotekta ng iyong mga karapatan sa pagkapribado. Hinahangad lang ng CRD na mangolekta ng nauugnay na personal na impormasyon na nagbibigay-daan sa amin na matulungan ka sa pag-iimbestiga at pagresolba ng mga reklamo hinggil sa pandidiskrimina gaya ng nakasaad sa seksyon 11135 et seq. at 12900 et seq. ng Kodigo ng Pamahalaan ng California, at seksyon 51, 51.7, 52.5, at 54 et seq. ng Kodigo Sibil ng California.**

**Ang lahat ng personal na impormasyong kinokolekta namin ay pinamamahalaan ng Batas sa Mga Gawain sa Impormasyon ng Estado ng California ng 1997 (State of California Information Practices Act of 1977) (Kodigo Sibil §§ 1798-1798.78), seksyon 11015.5 at 11019.9 ng Kodigo ng Pamahalaan, at Batas sa Mga Pampublikong Rekord ng California (California Public Records Act) (Kodigo ng Pamahalaan § 6250 et seq.).**

*Nakabalangkas sa ibaba ang aming online na Patakaran sa Pagkapribado at Abiso:*


- Legal na Pahintulot para sa Pagkolekta at Paggamit ng Impormasyon
- Pagsisiwalat at Pagbabahagi
- Ano ang mangyayari sa impormasyong isinumite mo sa amin?
- Mga Link
- Mga Cookie
- Pagsisiwalat sa Publiko
- Mga Menor de Edad
- Seguridad
- Pag-access at Pagwawasto sa iyong Personal na Impormasyon
- Paano makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa patakarang ito
- Mga pagbabago sa aming Patakaran sa Pagkapribado
- Petsa ng pagkakabisa


## LEGAL NA PAHINTULOT PARA SA PAGKOLEKTA AT PAGGAMIT NG IMPORMASYON

Kinokolekta namin ang impormasyong maaaring direktang nauugnay sa isang partikular na tao. Tinatawag namin itong "Personal na Impormasyon," at kabilang dito ang mga pangalan, address, numero ng telepono at email address. Kinokolekta namin ang Personal na Impormasyon na ito sa pamamagitan ng mga legal na paraan mula sa mga indibidwal na naghahangad na maghain ng reklamo sa CRD, at ginagamit namin ang impormasyong ito upang magtatag ng hurisdiksyon at magsagawa ng imbestigasyon sa anumang paratang ng mga paglabag sa Mga Karapatang Sibil. Kung hinahangad mong maghain ng reklamo, kinakailangan mong magbigay sa amin ng sapat na impormasyon alinsunod sa seksyon 11135 et seq. at 12900 et seq. ng Kodigo ng Pamahalaan ng California, at seksyon 51, 51.7, 52.5, at 54 et seq. ng Kodigo Sibil ng California.

## PAGSISIWALAT AT PAGBABAHAGI

Hindi namin ibinebenta ang iyong Personal na Impormasyon. Ipinagbabawal ng seksyon 11015.5, subdivision (6) ng Kodigo ng Pamahalaan sa CRD at lahat ng ahensya ng estado na mamahagi o magbenta ng anumang elektronikong nakolektang Personal na Impormasyon tungkol sa mga user sa anumang third party nang walang pahintulot ng user. Para lamang sa mga layunin kung bakit ito ibinigay sa amin ang anumang pamamahagi ng elektronikong nakolektang Personal na Impormasyon, tulad ng inilarawan sa ibaba.

Maaari din naming ibahagi ang iyong Personal na Impormasyon sa ilalim ng mga sumusunod na sitwasyon:

1. Binibigyan mo kami ng pahintulot.
2. Nakatanggap kami ng kahilingan mula sa isang partidong may legal na awtoridad para makuha ang impormasyon, gaya ng subpoena.
3. Gaya ng inawtorisahan ng batas, inililipat ito sa / ibinahagi ito sa Komisyon ng Patas na Oportunidad sa Pagtatrabaho ng U.S., Pambansang Lupon ng Mga Usapin sa Paggawa, Departamento ng Paggawa ng U.S., Departamento ng Pabahay at Urban na Pagpapaunlad ng U.S., Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Departamento ng Edukasyon ng U.S., Departamento ng Hustisya ng U.S., anumang sangay ng Pamahalaan ng Estado ng California, o anumang iba pang lokal o Pederal na ahensya na may katulad na hurisdiksyon.
4. Maaaring isiwalat sa publiko sa ilalim ng Batas sa Mga Pampublikong Rekord ng California ang Hindi Personal na Impormasyon, kabilang ang mga paratang sa mismong dokumento ng reklamo.

## ANO ANG MANGYAYARI SA IMPORMASYONG ISINUMITE MO SA AMIN?

Gagamitin ang Personal na Impormasyon na makukuha namin mula sa iyo para sa mga layunin kung bakit ito ibinigay: para palawakin ang mga pagsisikap ng CRD na mag-imbestiga at subukang lutasin ang mga paratang ng labag sa batas na pandidiskrimina, panliligalig at/o paghihiganti na iyong inihain. Ginagamit ang elektronikong nakolektang Personal na Impormasyon na nakalap namin tungkol sa mga pagbisita sa aming website para matulungan kaming mapabuti ang karanasan ng user at para sa mga pangunahing sukatan sa web ng aming website.

## MGA LINK

Maaaring maglaman ng mga link sa iba pang website sa Internet na pagmamay-ari at pinapatakbo ng mga third party ang aming website. Hindi kinokontrol ng CRD ang mga patakaran o gawain sa pagkapribado ng mga website na ito. Pinapayuhan kang suriin ang mga patakaran sa pagkapribado ng third party na nag-aalok ng website bago magbigay ng anumang Personal na Impormasyon sa mga website na ito. Hindi mananagot ang CRD para sa nilalaman o mga gawain ng anumang naka-link na third party na website at ibinibigay para lang sa kaginhawahan at impormasyon sa aming mga bisita ang mga nasabing third party na website.

## MGA COOKIE

Hindi kami nangongolekta ng impormasyon tulad ng mga pangalan, address, at email mula sa mga indibidwal na nagba-browse sa website ng CRD. Gayunpaman, kapag binisita mo ang aming website, maaaring may ma-save na "cookie" sa iyong computer. Ang cookie ay isang maliit na piraso ng data na sino-store ng iyong browser na tumutulong sa aming makilala ang iyong natatanging computer at ang iyong mga kagustuhan kapag ginagamit ang aming website. Maaaring kasama sa impormasyong awtomatikong kinokolekta ng CRD ang uri ng browser na ginamit, petsa at oras ng iyong pagbisita sa site, at mga web page na iyong binisita. Kinokolekta ang impormasyong ito para mapabuti ang karanasan ng user at para sa mga pangunahing sukatan sa web. Tatanggalin ang impormasyon pagkalipas ng 30 araw. Pinahihintulutan ng batas ang ganitong uri ng pagkolekta ng elektronikong impormasyon at hindi ito kasama sa mga kahilingang ginawa sa ilalim ng Batas sa Mga Pampublikong Rekord. Maaari mong tanggihan ang cookie o i-delete ang file ng cookie mula sa iyong computer pagkatapos mong bisitahin ang aming website.

Makakahanap ka ng mga tagubilin para sa pamamahala ng mga kontrol ng cookie sa mga website para sa mga partikular na browser. Halimbawa:

- Mga Microsoft Edge na browser
- Mga Macintosh Safari na browser
- Mga Google Chrome na browser

## PAGSISIWALAT SA PUBLIKO

Sa Estado ng California, may mga batas para matiyak na bukas ang pamahalaan at may karapatan ang publiko na ma-access ang mga naaangkop na rekord at impormasyong taglay ng pamahalaan ng estado. Kasabay nito, may mga pagbubukod sa karapatan ng publiko na ma-access ang mga pampublikong rekord.

Nagsisilbi sa iba't ibang pangangailangan ang mga pagbubukod na ito, kabilang ang pagpapanatili ng pagkapribado ng mga indibidwal. Nagbibigay ng mga pagbubukod ang parehong batas ng estado at pederal na pamahalaan. Nagiging pampublikong rekord ang lahat ng impormasyong nakolekta sa site na ito na maaaring sumailalim sa inspeksyon at pagkopya ng publiko, maliban kung may eksemsyon sa batas. Kung sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng Abiso sa Pagkapribado na ito at ng Batas sa Mga Pampublikong Rekord, ang Batas sa Mga Gawain sa Impormasyon at/o iba pang batas na namamahala sa pagsisiwalat ng mga rekord, ang Batas sa Mga Pampublikong Rekord, Batas sa Mga Gawain sa Impormasyon, at/o iba pang naaangkop na batas ang magkakaroon ng kontrol.

## MGA MENOR DE EDAD

Kinikilala namin ang kahalagahan ng pagprotekta sa pagkapribado kung saan may kaugnayan ang mga menor de edad (taong wala pang 18 taong gulang). Nakatuon kami sa pagprotekta ng pagkapribado ng mga menor de edad at hindi kami sadyang nangongolekta ng Personal na Impormasyon mula sa mga menor de edad o gumagawa ng mga profile ng mga menor de edad sa pamamagitan ng aming website. Gayunpaman, binabalaan ang mga user na ituturing na parang isinumite ng isang nasa hustong gulang ang pagkolekta ng Personal na Impormasyon na isinumite online o sa e-mail. Lubos na hinihikayat ng CRD ang mga magulang, tagapag-alaga, at nasa hustong gulang na makibahagi sa mga aktibidad sa internet ng kanilang mga anak o iba pang menor de edad na responsibilidad nila at magbigay ng gabay sa tuwing hihilingin sa mga menor de edad na magbigay ng Personal na Impormasyon online. Kung naniniwala kang nagbigay sa amin ng Personal na Impormasyon ang isang menor de edad, hinihiling namin na makipag-ugnayan sa amin ang magulang o tagapag-alaga sa 1-800-884-1684.

## SEGURIDAD

Naglagay ang CRD ng mga hakbang sa seguridad para pangalagaan at protektahan ang iyong impormasyon mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagsisiwalat, at pagkawala. Nililimitahan ng aming patakaran ang pag-access sa Personal na Impormasyon sa mga empleyadong may itinatag na pangangailangan sa negosyo para sa Personal na Impormasyon, kabilang ang mga direktang kasali sa paghahain, pag-iimbestiga, paglutas, at/o paglilitis ng iyong reklamo.

Pinoprotektahan ng iba't ibang hakbang sa seguridad ang impormasyong pisikal na matatagpuan sa loob ng CRD, na posibleng kabilang ang paggamit ng software sa pag-encrypt para maprotektahan ang seguridad ng Personal na Impormasyon ng indibidwal sa panahon ng pagpapasa at pagtatabi. Sinisira ang personal na impormasyon ayon sa patakaran sa pagpapanatili ng mga rekord ng CRD, at pinapanatili lang namin ang mga rekord na ito hangga't kinakailangan para matugunan ang aming pangangailangan sa negosyo. Sinasanay
namin ang aming mga empleyado sa mga pamamaraan at pamamahala ng Personal na Impormasyon na kinokolekta namin, pati sa pagsasagawa ng mga pag-iingat at pagsunod sa mga limitasyon sa paglalabas ng Personal na Impormasyon.

## PAG-ACCESS SA AT PAGWAWASTO NG IYONG PERSONAL NA IMPORMASYON

May karapatan kang suriin ang anumang Personal na Impormasyon na kinokolekta namin tungkol sa iyo. Kung hihilingin mo ang lahat o bahagi ng Personal na Impormasyon na nakolekta tungkol sa iyo ng CRD, ibibigay namin sa iyo ang hinihiling na Personal na Impormasyon at ipapaliwanag namin kung paano namin ginagamit ang impormasyon. Maaari kang humiling ng mga pagbabago sa iyong Personal na Impormasyon na pinaniniwalaan mong hindi tama sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na kahilingan na kapani-paniwalang nagpapakita ng kamalian. Kung naniniwala kang ginagamit para sa layuning maliban sa iyong nilayon noong isinumite mo ang iyong Personal na Impormasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa amin para maitama namin ang maling paggamit. Sa lahat ng sitwasyon, gagawa kami ng mga makatwirang hakbang para iberipika ang iyong pagkakakilanlan bago magbigay ng access o gumawa ng mga pagwawasto.

## PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN KUNG MAYROON KANG ANUMANG TANONG TUNGKOL SA PATAKARANG ITO

Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa impormasyong ipinakita sa Abiso sa Pagkapribado na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa:

CRD Privacy Officer

2218 Kausen Drive, Suite 100 Elk Grove, CA 95758

1-800-884-1684

## MGA PAGBABAGO SA AMING PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO

Maaari naming i-update at baguhin ang aming Patakaran sa Pagkapribado. Magpo-post kami ng anumang pagbabago sa patakaran sa pagkapribado sa page na ito at, kung malaki ang mga pagbabago, magbibigay kami ng mas kapansin-pansing abiso.

## PETSA NG PAGKAKABISA

Enero 1, 2017